

# JUAN ARMY




ANG OPISYAL NA LATHALAIN NG ARMY TRANSFORMATION ROADMAP

JULY TO SEPTEMBER 2020

VOLUME 16 ISSUE 2

## SUNDALO PARA SA PILIPINO: KAAGAPAY SA GITNA NG COVID-19




SERBISYONG RDC PARA SA  
KASUNDALUHAN LABAN SA  
COVID-19

3



SAGISAG NG KALASAG

13



SALUDO PARA SA  
SUNDALO

15



3

SERBISYONG RDC PARA SA KASUNDALUHAN LABAN SA COVID-19

8



SERBISYO NG MGA SUNDALO, SERBISYO PARA SA SAMBAYANANG PILIPINO



4

1ST INFANTRY (TABAK) DIVISION SA PANAHO NG PANDEMYA DULOT NG COVID-19



10

COVID-19: PAYAPANG SAGUPAAN



5 COMBAT SERVICE SUPPORT SA PANAHO NG COVID-19



11

SUNDALO PARA SA PILIPINAS: KAAGAPAY SA GITNANG COVID-19 PANDEMIC



7 525 ECB, SUMUSUPPORTA LABAN SA PANDEMYA

13  
15

SAGISAG NG KALASAG



SERBISYO SA GITNANG PANDEMYA

SALUDO PARA SA SUNDALO

### PUNONG PATNUGUTAN

**COL JOEL M PALOMA GSC (INF) PA**  
Chief, AGSMO  
*Chairperson*

**COL PATRICIO RUBEN P AMATA GSC (INF) PA**  
AC of S, G7  
*Vice Chairperson*

**MAJ MARY ANN P MARTINEZ (AGS) PA**  
Chief, Strategic Communication Branch  
*Secretary*

*Members*  
**COL ARVIN R LAGAMON INF (MNSA) PA**  
Regiment Commander, CMOR (P)

**COL RAMON P ZAGALA INF (MNSA) PA**  
Chief, ACPA

**Louise Antonette T Sandoval, CivHR**  
*Editor-in-Chief*

**CPT MA JOAN D RAMOS (QMS) INF PA**  
*Managing Editor*

**MAJ MARY ANN P MARTINEZ (AGS) PA**  
*Associate Editor*

*Circulation Managers*  
**Adrian P Alconcel, CivHR**  
**Jessica K Cunanan, CivHR**

**SSG FREDDIE S ESPARAGOZA JR (INF) PA**  
*Assistant Circulation Manager*

Inihahandog ng JUANARMY ang kwento ng bawat Pilipino na nakikipagtuos sa unos na dala ng COVID-19. Dama ng bawat isa ang pagsubok na dala nito sa ating kaligtasan at kabuhayan.

Sa inyong pagbuklat ng lathalain, ating tanawin ang pagsisikap ng organisasyong ito upang maging gabay at tulong sa bawat Pilipino na mandato nitong paglingkuran na may pusong marangal at makabayan.

Sa bawat mamamayan ng nayon na ito sabay nating harapin at pagtagumpayan ang hamong dumarating. Matitiyak na ang bawat opisina, yunit, empleyado at sundalo ay inyong kaagapay upang malagpasan ang unos na ito.

**LOUISE ANTONETTE T SANDOVAL [SCB-AGSMO]**  
Punong Editor

Ang JUANARMY ang opisyal na lathalain ng Army Transformation Roadmap (ATR) na nililimbag ng Headquarters, Philippine Army at pinangangasiwaan ng Army Governance and Strategy Management Office (AGSMO). Upang matugunan ang mga layunin ng ATR na pagtibayin ang ugnayan ng mga sundalo sa publiko; ipabatid ang imahe ng Philippine Army na nagpapakita ng karangalan, katapatan, at katungkulan; at maging isang propesyonal na Army na suportado ng tao, ang JUANARMY ay nagsisilbing instrumento sa paglimbag ng mga istorya, imahe, at komentaryong naglalarawan ng isang nagbabagong Philippine Army. Ngunit hindi lamang ninanais ng lathalaing ito ang paglaganap ang ATR. Sabay sa mga repormang naihatid ng ATR sa organisasyon, layunin din ng JUANARMY na tumulong sa adbokasiya ng gobyernong ipanday ang tunay na pagbabago sa pamamahala.

# SERBISYONG RDC PARA SA KASUNDALUHAN LABAN SA COVID-19

## [ Akda ng Research and Development Center, ASCOM ]

Ang pandemiya ng COVID-19 ay patuloy na nananalasa sa mga Pilipino sa lahat ng edad at anumang antas ng pamumuhay simula noong ika-30 ng Enero 2020. Sa datos ng Kagawaran ng Kalusugan ng Pilipinas, patuloy ang pagtaas sa bilang ng mga kaso ng COVID-19 sa Pilipinas na umabot na sa mahigit 23,732 na kaso. Bilang pagtugon sa pandemya, ang Research and Development Center, ASCOM, PA, bilang pangunahing Research and Development Center ng Hukbong Katihan ng Pilipinas, ay nagsagawa ng masinsinang pag-aaral upang makalikha ng iba't ibang solusyon na makatutulong na maibsan ang pagkalat ng COVID-19. Ilan sa mga pag-aaral na nilikha ay nakatuon sa ating kasundaluhan na 24 oras na naglilingkod bilang *frontliners* sa ating pakikibaka laban sa nakamamatay na sakit.

Simula ng magdeklara ng pinalawig na *Enhanced Community Quarantine* noong ika-16 ng Marso 2020 sa buong *National Capital Region*, may iilang pag-aaral ang nailikha ng *RDC Technical Researchers* na binubuo ng mga Inhinyero Kimikal (*Chemical Engineers*), Kimiko (*Chemists*), Inhinyero Mekanikal (*Mechanical Engineers*) at *Electronics and Computer Engineers* bilang pagsuporta sa intensyon ng Army Support Command na bumuo ng mabisa at "*sustainable*" na pamamaraan upang maibsan ang pagkalat ng COVID-19 sa ating kasundaluhan. Ilan sa mga pag-aaral na iminungkahi ng RDC ay ang mga sumusunod:

**1 Mobile Clinic Facility (MCF)** – Ang Mobile Clinic Facility o MCF ay isang uri ng sasakyan na nilikha mula sa container van at dinagdagan ng polystyrene-sandwiched panel bilang insulation nito. Ito ay maglalaman ng mga mahahalagang kagamitang medikal upang matugunan ang mga pangangailang ng mga frontliners at mamamayang Pilipino sa pangangalagang pangkalusugan. Ang MCF ang magsisilbing mobile clinic para sa mga sundalong nagsisilbi bilang frontliners laban sa COVID-19, gayundin sa nasasakupang mamamayan kung nasaan nakatalaga ang MCF.

**2 Mobile Laundry Facility (MLF)** – Layunin ng Mobile Laundry Facility o MLF na matugunan ang pangangailan ng tropa sa paglalaba ng kanilang mga damit, uniporme, at ibang kasuotan na ginagamit sa pagtupad ng kanilang tungkulin sa gitna ng pandemya. Gaya ng MCF, ito rin ay nilikha mula sa container van na maaaring maglaman ng pitong (7) washing machines, laundry cabinets, laundry tables, at iba pang mahahalagang kagamitan.




Larawan ng Mobile Clinic Facility na dinisenyo ng RDC



Larawan ng Mobile Laundry Facility na dinisenyo ng RDC

**3 Vehicle Decontamination Gate – Ang Vehicle Decontamination Gate** ay dinisenyo para sa lahat ng uri ng sasakyan ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas sa mga operasyon nito kontra COVID-19. Layunin ng konseptong ito na ma-disinfect o mapuksa ang virus na maaaring kumapit sa ibabaw ng sasakyan. Maaaring gumamit ng 0.5% Chlorine Concentration o 3% Hydrogen Peroxide para sa Vehicle Decontamination Gate upang malinis ang panlabas ng sasakyan. Ang dalawang solusyon na ito ay napag-alamang epektibo upang puksain ang virus, ngunit mahigpit na ipinapaalala na gagamitin lamang ito sa paglinis ng panlabas ng sasakyan at hindi sa paglinis o pag-disinfect ng tao.



Disenyo ng RDC Vehicle Decontamination Gate

**4 Decontamination Tent** – Ang iminungkahing disenyo ng RDC Technical Personnel para sa Decontamination Tent ay hango sa open source design o malayang disenyong binuo mula sa pakikipagtulungan ng mga Kimiko, Inhinyero, at Designers mula sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman na tinawag nilang SaniTent Ph. Layunin ng pangkat ng mga estudyante mula sa UP Diliman na makapagbigay-tulong sa bawat mamamayang Pilipino na magkaroon ng pamamaraan upang mapigilan ang pagkalat ng virus. Maaaring makabuo ng SaniTent Ph gamit ang mga murang gamit na mabibili sa mga hardware stores at madali lang itong buuin gamit ang instructional manual na ginawa para rito.



Larawan ng Decontamination Tent ng SaniTent Ph mula sa SaniTent Facebook Page

Sa kasalukuyan, ang RDC ay nakapaggawa ng kanilang bersyon ng SaniTent Ph upang maiwasan ang pagpasok at pagkalat ng virus sa loob ng kampo. Gumagamit ang RDC ng 0.125% povidone-iodine (PVP-I) solution bilang disinfectant o panglinis sa bawat sundalo, Civilian Human Resource (CivHR) at pati na rin sa mga bisita na pumapasok ng kampo. Ito ay napatunayang ligtas pagkatapos ng iilang eksperimento na isinagawa sa laboratoryo.



RDC Decontamination Tent (kanan), at ang pagsalin ng 0.125% Povidone-Iodine (PVP-I) solution bilang disinfectant nito



**5 Personal Protective Suit** – Ang *Personal Protective Suit PS-1* na hango sa disenyo ni Mich Dulce ay magagawa gamit ang *Nylon Taffeta Fabric* na may *Silver Backed Lining*. Isa itong uri ng tela na waterproof, o hindi nababasa, at ito ay madaling mabibili sa lokal na pamilihan. Ang paggamit ng *waterproof* na materyal ang makakasigurado na walang *infected droplet* o *body fluids* ang malilipat sa ating mga *health workers* kaya sila ay mapananatiling ligtas habang suot ito. Layunin ng *Personal Protective Suit PS-1* na protektahan ang ating *health workers*, mula ulo hanggang paa, habang sinisigurado na hindi makokompromiso ang kanilang kalusugan sa kadahilanang *breathable* ang materyal na gagamitin para rito.



Larawan ng *Personal Protective Suit* mula sa disenyo ni Mich Dulce

**6 Isolation Tent Utilizing Frame-type Tent** – Layunin naman nito na makapagbigay ng medical field tent na maaaring gamitin bilang isolation ward. Gagamitin para sa proyektong ito ang umiiral na Frame-type Tent sa imbentaryo ng PA upang masulit ang nabanggit na kagamitan. Bawat tent ay maaaring maglaman ng 10 higaaan, na kung saan lima rito ay mailalaan para sa mga pasyenteng nagpositibo sa COVID-19. Sa tulong ng proyektong ito, maihihiwalay natin ang mga pasyenteng nagpositibo sa mga walang sakit upang mapigilan ang pagkalat ng virus.

**7 Isolation Tent, 20-Bed Capacity** – Kagaya ng Isolation Tent Utilizing Frame-type Tent, layunin ng proyektong ito na makapagbigay ng karagdang medical field tent na maaaring gamitin bilang isolation ward. Ang proyektong ito ay naglalayon na matugunan ang kakulangan ng hospital beds at pasilidad sa ating mga ospital, lalo na't dumarami pa ang nagpopositibo sa COVID-19 sa kasalukuyan.

Maliban sa mga proyektong nabanggit, ang RDC ay kasalukuyang nakikipagtulungan sa Metals Industry Research and Development Center, Department of Science and Technology (MIRDC, DOST) upang makabuo ng proyekto sa Medical Ventilators na maaaring makatugon sa kakulangan nito sa mga Army Hospitals sa panahon ng pandemya ng COVID-19. Ang MIRDC, DOST ay may kakayahang makagawa ng Medical Ventilators parts and components sa pamamagitan ng 3D Printing Technology.



# 1<sup>ST</sup> INFANTRY (TABAK) DIVISION SA PANAHON NG PANDEMYA DULOT NG COVID-19

[ Akda ng 1<sup>st</sup> Infantry Division ]

Ang ating bansa ay muling nahaharap sa isang panibagong hamon at pagsubok na hindi lang nagaganap dito sa ating bansa. Sa halip, ang buong mundo ang naapektuhan at nagdurusa sanhi ng COVID-19. Ang Sandatahang Lakas ng Pilipinas ay muling naatasang magpatupad ng mga alintuntunin at patakaran upang mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 at tiyakin ang kaligtasan ng bawat mamamayan laban sa nasabing sakit. Ang mga tropa ng 1<sup>st</sup> Infantry (TABAK) Division, sa pamumuno ni MGEN GENEROSO M PONIO PA, ay isa sa mga tumugon sa hamon at buong pusong hinarap ang panganib.

Ang pandemyang dulot ng COVID-19 ay naglalagay sa atin sa panganib hindi lamang sa ating kalusugan at pangagatawan kundi na rin sa kalagayang pangkabuhayan ng ating lipunan. Sa kabila ng panganib na dulot nito, ito ay nagmulat at nagturo sa atin ng mga bagong pamamaraan upang malagpasan at mapagtibay ng ating kalooban hinggil sa kasalukuyang umiiral na mga patakaran ng “social distancing” at “community quarantine” sa ating lipunan. Sa ganitong pag-iisip nabuo ng Dibisyon ang simple at praktikal na mga paraan upang maibsan at malampasan ang paghihirap at perwisyong idinulot ng pandemya.

Ayon kay MGEN PONIO, ang dapat pagtuunan ng pansin sa panahon ng COVID-19 ay ang tatlong mahahalagang aspeto ng kalusugan. Una, tiyaking malinis at maayos ang ating kapaligiran. Ikalawa, palakasin ang ating pangangatawan, at panghuli, ang kumain ng masusustansyang pagkain. Upang maipatupad ito ng wasto at maayos, TABAK Division ay nagsagawa ng tatlong nauugnay na programa upang mapangalagaan ang kalusugan ng mga sundalo at matutustusan ang kanilang mga pangangailangan sa panahon ng pandemya. Ito ay ang mga programang *Camp Cleanliness Drive*, *Individual Physical Fitness Program*, at ang *Backyard Gardening*. Binigyang-diin ni MGEN PONIO na ang tagumpay ng mga programang ito ay nakasalalay sa disiplina at indibidwal na responsibilidad ng bawat sundalo, mga katangiang kailangan natin lalo na sa panahon ng pandemya. Lahat tayo ay dapat marunong umangkop at tumanggap ng mga pagbabago kahit ang mga ito ay naiiba sa mga nakasanayang pang araw-araw na gawain.

**Camp Cleanliness Drive.** Ang kalusugan ay nagsisimula sa isang malinis at maayos na kapaligiran. Ang karaniwang dahilan at pinagmumulan ng sakit ay ang marumi at marungis na kapaligiran. Upang matiyak na malinis at maayos ang buong kampo, ipinatupad ni MGEN PONIO ang programang “*Camp Cleanliness Drive*,” kung saan nagiging prayoridad ang paglilinis ng mga nagkalat na basura sa ibat-ibang parte ng kampo ng 1<sup>st</sup> Infantry Division. Sa loob ng humigit-kumulang na apat na dekada na paninirahan ng Division sa kampo, wala pa itong naitatag na tapunan ng basura, bagay na nagresulta sa pagtambak ng tone-toneladang basura sa likod ng mga opisina, gusali, apartment, barracks, at quarters ng mga sundalo.

Upang ito ay agarang masulusyonan, ipinatayo ni MGEN PONIO ang *Division Garbage Dumpsite* sa loob ng kampo, na may kapasidad na makaipon ng humigit-kumulang libo-libong toneladang basura upang maiwasan ang pagtapon kung saan-saan. Dito na rin sa naturang dumpsite gagawin ang masusi at malawakang *waste segregation*, o paghihiwalay ng mga basura sa nabubulok o “biodegradable,” hindi nabubulok o “non-biodegradable,” at ang mga basurang pwede pang magamit muli o “recyclable”. Ang pangkaraniwang *reveille/road run* ay pinalitan ng paglilinis ng kapaligiran sa kani-kanilang nasasakupang sector at ito rin ang itinakdang panahon para hakutin ng *garbage truck* ang mga naipong basura. Ang mga pinuno at ang kanilang *Sergeant Major* at *Chief Clerk* ay binigyan ng responsibilidad na ipatupad at mangasiwa na nasabing *Camp Cleanliness Drive*.






Camp Cleanliness Drive



Backyard Gardening



Individual Physical Fitness Program

**Individual Physical Fitness Program (IPFP).** Sa kabila ng isang malinis at maayos na kapaligiran, isinaalang-alang din ni MGEN PONIO na mapanatili ang malakas at masiglang pangangatawan sa kabila ng ipinapatupad na “Enhanced Community Quarantine.” Ang Command ay nagpatupad ng “Individual Physical Fitness Program.” Ito ay kapalit ng karaniwang ginagawa nating umagang ehersisyo na sinusundan ng pagtakbo o kaya TAEBO na ipinagbabawal alinsunod sa umiiral na “social distancing” protocols. Sa programang ito, kinakailangang mag-ehersisyo ang bawat sundalo. Maaari itong gawin ng nag-iisa o maliit na grupo lamang. Sa IPFP, kailangan mong tumakbo ng hindi bababa sa 12 kilometro sa loob ng isang linggo o pwede mo itong palitan na ibang pisikal na

Aktibidad na hindi lumalabag sa “social distancing” protocols, gaya ng *badminton, lawn tennis, golf, at biking.* Kailangan mo ring mag-push-up at mag-sit-up katumbas ng pasadong mong marka sa iyong edad sa Physical Fitness Test (PFT) sa tuwing ikaw ay lumahok sa IPFP. Upang mapanatiling malusog at masigla ang pangangatawan ng mga sundalo, minomonitor at nirerekord din ang indibidwal na Body Mass Index (BMI) ng bawat isa. Ang lahat ng ito ay ipinapasa at inirerekord sa opisina ng ODSS tuwing Biyernes ng hapon, kung saan ang lahat ng bumabagsak ay magpapaliwanag at magkakaroon na espesyal na sesyon sa naturang opisina upang ma-ipasa ang IPFP.

**Backyard Gardening.** Upang mapanatili ang suplay ng pagkain, si MGEN PONIO ay nagpatupad din ng “Backyard Gardening,” kung saan ang mga likod ng mga opisina at mga yunit na may bakanteng lupa ay pinataniman ng ibat-ibang uri ng gulay upang magkaroon ang mga sundalo ng sustainable na pagkukunan sa pangaraw-araw. Dahil dito, hindi lang naaalih at nalilibang ang mga sundalo sa pagtanim ng ibat-ibang mga gulay habang sila ay naka “Enhanced Community Quarantine.” Nagkakaroon pa sila ng masustansiyang pagkain na nagmumula sa itinanim na gulay. Hinikayat din ni MGEN PONIO ang mga Tabak Troopers na mag-alaga ng mga manok, pato, at pabo na isa ring paraan na makadaragdag sa pang-araw-araw na pagkain.

Ang mga programang ito ay nagbunga ng isang malinis at maayos na kapaligiran, pagkakaroon ng masusustansiyang pagkain at malalakas at masisiglang pangangatawan ng mga Tabak Troopers. Dahil din sa mga programang ito, sa ngayon naturingang COVID-free ang Camp Cesar L Sang-an, sa kabila ng pagpositibo ng isang opisyal pagkatapos mag-mission sa Metro Manila noong Marso. Ito rin ay nagbunga ng positibong pananaw at nagbigay ng tiwala sa mga Tabak Troopers na kaya nilang labanan ang epekto ng pandemyang dulot ng COVID-19 at nang sa ganoon ay maipagpatuloy nila ng maayos ang kanilang pagseserbisyo sa Hukbong Katihan ng Pilipinas.

# COMBAT SERVICE SUPPORT SA PANAHON NG COVID-19

[ Akda ng 10<sup>th</sup> Forward Service Support Unit]

Ang Coronavirus o COVID-19 ay isang pandemya o isang uri ng krisis pangkalusugan na kasalukuyang kinakaharap at itunuturing na pinakamalaking hamon sa buong mundo. Ang pandemyang ito ay nagsimula sa Asya at ito ay tuluyan nang kumalat sa ibat-ibang kontinente ng mundo. Ang kumpirmadong kaso ay patuloy na tumataas araw-araw sa Africa, Amerika, at sa Europa, gayun din sa Pilipinas. Dahil dito, ang ating gobyerno ay mabilis na pinag-aralan at nagpatupad ng mga alituntunin upang maiwasan ang mabilis na paglaganap nito sa buong bansa. Noong Enero 2020, inorganisa ng ehekutibo ang IATF-EID upang rumesponde sa mga umuusbong na kaso ng nakakahawang sakit sa bansa. Nang maitala ang unang kaso nito sa ating bansa, ang Pangulo ay mabilis na tinawag ang atensyon ng Task Force upang gumawa ng aksyon ukol sa mabilis na pagdami ng kaso ng COVID-19.

Dahil dito, ang IATF ay bumuo ng isang Multi-sector Response Unit na pinangungunahan ng Department of Health. Noong ika-25 ng Marso naglunsad ang IATF ng National Action Plan (NAP) na magsisilbing gabay at batayan sa pagsugpo ng pandemya sa bansa.

Alinsunod sa National Action Plan, ang Sandatahang Lakas ng Pilipinas, katuwang ang Philippine National Police ay parte sa kabuuang operasyon ng gobyerno laban sa pandemya na COVID-19. Sila ay kasama sa kabuuang plano ng IATF sa mahigpit na pagpapatupad ng community quarantine sa Kalakhang Maynila upang magbantay sa mga checkpoints sa mga borders at limitahan ang paglabas at pagpasok ng mga tao sa pambansang punong rehiyon at maiwasan ang paglaganap ng virus.

## PHILIPPINE ARMY RESPONSE

Bilang miyembro ng Sandatahang Lakas, ang kasundaluhan sa buong bansa, katuwang ang kapulisan, ay tutulong sa pamamahagi ng mga food packs at iba pang mahahalagang serbisyo upang matulungan ang ating kapwa Pilipino na malagpasan ang pang araw-araw nilang pangangailangan habang sila ay walang mapagkukunan ng kabuhayan at nanatili lamang sa kanilang mga tahanan.





Hands-free hand washing station handed over and installed in various Offices as precautionary measures to protect the troops from COVID-19 proliferation within the camp area.



400 pieces improvised face shields were given to 4th Infantry Division (4ID) PA and Troops manning checkpoints all over 4ID AOR in the different 4ID units intended to protect different frontliners in their respective areas



880 pieces improvised face shields given to the different Barangay Health Emergency Response Team (BHERT) and Municipalities in Northern Mindanao

Gayunpaman, ang Sandatahang Lakas bilang frontliners, ay araw-araw na lantad sa isang kalaban na hindi nakikita ng ating mga mata. Dahil dito, ang Sandatahang Lakas ay gumawa ng regulasyon o patnubay para sa mga sibilyan at sa mga uniformed personnel na pumapasok sa loob ng kampo upang maiwasan ang kontaminasyon ng virus. Sa pagpapatupad ng red status alert, lahat ng tauhan ay hindi pinapahintulutang lumabas ng kampo kung walang mission order. Panandalian ding hindi pinapayagan na sila muna ay umuwi sa kani-kanilang pamilya o tahanan upang sila ay maprotektahan sa banta ng virus.

Ang Hukbong Katihan ay itinataguyod ang mahigpit na pagsunod ng bawat tauhan sa mga direktiba at ibat-ibang hakbang na pinapatupad ng pangunahing yunit. Social distancing, pagsuot ng face mask, skeleton manning, at pagpapalabas ng direktiba patungkol sa pag-igting na pagsagawa ng pagpupulong at physical fitness test ay ilan sa mga naging hakbang upang mapangalagaan ang ating Sandatahang Lakas.

Hangga't maari, ang Hukbong Katihan ay sang-ayon na gamitin ang mga kasundaluhan upang matulungan ang gobyerno sa pagpapatupad ng mga alituntunin o IATF policies and regulations. Ang kasundaluhan rin ay naghahanap ng paraan upang maprotektahan ang mga kapwa sundalo at maiwasang mahawa sa nakamamatay na virus.

#### COMBAT SERVICE SUPPORT SA GITNA NG COVID-19

Dahil sa patuloy na pakikipaglaban ng ating bansa sa pandemya, ang health services system ay nababahala sa pagtaas ng bilang ng mga nahahawa na magdudulot ng kakulangan ng serbisyo publiko.

Dahil dito, ang Hukbong Katihan ay inaasahan na isasagawa ang serbisyong higit pa sa tradisyonal na

gawain. Habang pinagtitibay ng Hukbong Katihan ang ganitong serbisyo, ang Army Support Command ay inaasahan na susuportahan ang Hukbong Katihan sa pinakamakabagong pamamaraan upang mapanatili ang lohistikang pangangailangan ng mga yunit ng Hukbong Katihan upang magsagawa ng hindi tradisyonal na tungkulin.

Bilang isang yunit na may layunin na magsagawa ng Combat Service Support sa mga yunit, ang ASCOM, PA, ay naganap ng makabagong pamamaraan para masuportahan ang mga yunit at tropa kahit wala sa frontline. Sa paraang ito, ang ASCOM ay nakabuo ng laundry services bilang isang bagong kapabilidad. At nagdagdagan ng command capacity pagdating sa field feeding services upang masuportahan ang tumataas na demand ng pagkain na sanhi ng pandemyang ito. Kasabay nito, ang yunit na nasa ilalim ng ASCOM ay lumikha ng personal protective equipment o PPE upang maprotektahan hindi lamang ang mga sibilyan pati na rin ang mga personnel upang maiwasan ang pagdami ng may kaso ng COVID-19. Ang mga nasabing units ay nakipagtulungan sa mga key stakeholders upang maiwasan ang paglaganap ng nakahahawang sakit at maprotektahan ang mga tauhan ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas at ibang nagtatrabaho sa gobyerno. Ang mga PPE at faceshield ay ipinamahagi sa ibat-ibang units na nagsisilbing frontliners, tulad ng mga nagbabantay sa mga checkpoints at mga Barangay Health Emergency Response Team.

Isa pa sa natatanging katha ay ang paggawa ng "no contact hand washing station" isang pedal type creation, na hango sa medikal na konsepto upang maisulong ang maayos na paghugas ng kamay upang maiwasan ang pagkalat ng pandemya. Naisakatuparan ang proyektong ito sa tulong ng 10FSSU personel na pinangunahan ni LTCOL LAWRENCE A ANINAG PA, Commanding Officer. Dahil sa talento sa paglikha

at kadalubhasaan ng aming mga personnel mula sa yunit, nagawa ang pinaka-unang prototype na gawa lamang sa mga scrap materials.

Sa ngayon, ang 10FSSU ay nakagawa na ng 13 units ng "No Contact Hand Washing Station" at patuloy pa sa paglikha at pamamahagi sa iba't-ibang yunit, partner, at stakeholders. Ang mga hand washing stations ay unang nilagay sa unit na may lugar na madaling kapitan ng virus, partikular na sa mga military treatment facilities, camp entrances, at simbahan. Ito ay isinagawa upang matiyak na ang mga hospital staffs ay makakapaghugas bago at pagkatapos ng konsultasyon ng kanilang mga pasyente. Ang paghugas ng kamay ay mahigpit na pinapatupad sa mga entrances ng kampo upang maiwasan ang posibleng kontaminasyon na dala ng kahit sino mang personel galing sa labas ng kampo. Sa tulong nitong proyekto, ang ibang PA units ay nakapaglikha na rin ng kanilang sariling No Contact Hand Washing Stations.

#### WAY AHEAD

Mahigit kumulang tatlong buwan simula nang maglabas ng atas ang presidente na isailalim ang NCR sa ECQ at ang ibang lugar sa GCQ. Sa ngayon ang bansa ay binabaan ang quarantine controls sa ibat-ibang lugar ng bansa pati na rin sa rehiyon ng NCR. Kasabay nito ang mga personnel na nagbabantay sa mga quarantine control points ay nakararanas ng mga malaking problema dahil sa patuloy na pagdami ng mga commuters na nanggagaling sa iba't-ibang lugar sa NCR at galing din sa ibat-ibang lugar ng bansa. Ang Philippine Army ay hindi titigil sa pagseserbisyo sa bayan. Ang produksyon ng PPE, faceshield, at hand wash station ay isa mga proyekto ng Army na malaki ang naitutulong upang patuloy na makapagbigay serbisyo sa ating bansa laban sa kinakaharap na krisis.





# 525ECB, SUMUSUPPORTA LABAN SA PANDEMYA

[ Akda ni LTC ERVIN C DIVINAGRACIA, Battalion Commander ng 525 Engineer Combat “Mandirigtas” Battalion]



Security at Quarantine Control Point



Disinfection at PA Quarantine Area



Decontamination

Noong 31 Disyembre ng nakaraang taon unang naitala ang mga kaso ng pneumonia sa Wuhan, China. Nang kalaunan nalamang ito ay dulot ng isang bagong uri ng coronavirus at tinawag na Coronavirus disease o COVID-19. Sa kasalukuyan, ang sakit na ito ay nakumpirma na sa 213 na bansa at nakaapekto sa walong milyong katao. Kunitil ito sa buhay ng humigit-kumulang limang daang libong katao sa iba't-ibang bahagi ng mundo.

Unang naitala ang sakit na ito sa Pilipinas noong ika-30 ng Enero ng kasalukuyang taon sa isang 38 anyos na babae na nanggaling sa Wuhan, China. Sa araw ring iyon, isinaad ng tanggapan ng World Health Organization (WHO) sa Geneva ang pag-abiso at paghahanda laban sa COVID-19 at ito ay idineklara bilang isang pandemya na nagbabantang kumalat sa buong mundo. Dahil dito, ang ating gobyerno ay bumuo ng task force mula sa iba't-ibang sector ng gobyerno upang mabigyan ng kaukulang aksyon at mapigilan ang paglaganap ng naturang sakit at matugunan ang epekto nito sa pangangailangang pangkabuhayan ng bawat mamamayan. Ito ay ang tinawag na Inter-Agency Task Force (IATF) on Emerging Infectious Diseases na pinamumunuan ng Kagawaran ng Kalusugan (DOH).

Ang 525th Engineer Combat “MANDIRIGTAS” Battalion bilang Philippine Army Disaster Response Unit (PADRU) sa pamunuan ni LTC ERVIN C DIVINAGRACIA PA, ay muling ipinamalas ang pagiging propesyonal sa pagtupad ng tungkulin sa gitna ng pandemya. Noong ika-16 ng Marso hanggang ika-16 ng Abril nagdeploy ang unit ng isang Light USAR Team na binubuo ng isang opisyal at 20 na sundalo na pinamumunuan ni 1LT RALPH RICHARD C VILLENA PA sa Sapang Alat Bridge, boundary ng Caloocan at San Jose Del Monte, Bulacan. Sila ay nagbantay sa lugar at naatasang mahigpit na ipatupad ang paglabas-masok ng mga tao maliban lang sa mga nagtatrabaho sa mga pasilidad na tumutulong sa pagsugpo ng COVID-19. Noong ika-26 ng Marso hanggang sa kasalukuyan ay isang Mass Casualty Decontamination (MCD) Platoon, na pinamumunuan ni 1LT MEDEL JOSEPH D PELIN PA, ay nagde-decontaminate o nagdi-disinfect sa mga kasamang frontliners ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas na tumutulong sa mga lokal na pamahalaan, kasama na rito ang mga bisita o mga pumapasok sa loob ng Himpilan ng Hukbong Katihan ng Pilipinas para maiwasan ang paglaganap ng naturang virus.

Noong ika-21 ng Abril, nagkaroon din ng Loudspeaker Operation sa iba't-ibang parte ng Metro Manila. Ito naman ay isiginawa nina SGT JOHN RONALD D SERAFIN PA at tatlong iba pang personnel. Umiikot ang grupong ito sa Kalakhang Maynila kasama ang mga tauhan ng nakakataas na himpilan upang paalalahanan ang mga tao sa ibayong pag-iingat at mga tuntunin upang maiwasan ang pagkalat o paglaganap ng naturang virus. Pinaalalahanan ang lahat na makiisa sa isinasagawang hakbang ng gobyerno ng Pilipinas at

manatili sa kani-kanilang mga tahanan. Noong ika-10 ng Abril hanggang ika-10 ng Hunyo ibinahagi rin ng ating talupad ng isang opisyal at 27 na sundalo na pinamunuan ni 1LT JEZEL FRANCES B GALERA PA ang pagbabantay at disinfection sa loob ng Philippine Army Ladies Foundation School (PAOLFS) na nagsilbing quarantine facility.

Sa mga panahong ito ay muli nating naipamalas ang ating mabuting pakikisalamuha at pakikisama sa ating sibilyan na sector. Ito ay napakahalagang bagay para sa kapakanan at ikauunlad ng ating organisasyon. Malaki ang epekto nito sa Army Transformation Roadmap na ating tinatahak. Sa panahon ng pandemya, ang ating kasamahang sibilyan na sector ang masasabi nating force multiplier dahil malaki rin ang kanilang naiambag lalo na sa pangangailangang materyal ng ating mga frontliners at moral support. Sila ay lumalapit sa atin upang maipaabot sa ating mga kababayan ang anumang tulong na maaari nilang maiabot.

Ang mga nasabing gawain ay naging epektibo para sa layunin ng Hukbong Katihan ng Pilipinas na “Pagpapabuti at pagpapalawig ng ating pakikipag-ugnayan sa iba't-ibang ahensya at “stakeholders”, at “Pagiging dalubhasa sa HADR Operations” na siyang magpapatupad sa ating hangaring maging isang “Professional Combat Engineer and Disaster Response Unit”.

Bilang isang Combat Engineer at Disaster Response Unit ng ating Hukbong Katihan, ang 525th Engineer Combat “Mandirigtas” Battalion ay patuloy at walang sawang susuporta sa ating pamahalaan at mga kababayan. Layunin nitong lalong pagtibayin at palakasin ang pakikisama sa sibilyang sector at patuloy na gampanan ang napakahalagang tungkulin na sumusuporta sa Army core purpose na “Serving the people. Securing the land”.



Relief Operation w/ stakeholders



Loudspeaker operation





# SERBISYO SA GITNA NG PANDEMYA

[ Akda ng 553<sup>rd</sup> Engineer Battalion, 55<sup>th</sup> Engineer Brigade ]

Ang 553<sup>rd</sup> Engineer (Peacebuilder) Battalion, 55<sup>th</sup> Engineer Brigade, Philippine Army, sa pangunguna ni LTC ELMER A OAMIL PA, Battalion Commander, ay nakikiisa sa pagbibigayserbisyo sa bayan at proteksyon sa sambayanang Pilipino sa gitna ng patuloy na paglaganap ng pandemyang COVID-19.

Bilang frontliner, layunin ng yunit na ito na panatilihin ang seguridad sa kumunidad upang maiwasan ang pagkalat ng sakit. Layunin din ng yunit na ito na abutan ng tulong ang ating mga kapatid na Muslim (Maranao) at makipag-ugnayan sa mga ahensya ng gobyerno at ibang mga sector sa pagbangon ng siyudad ng Marawi.

Ang 553<sup>rd</sup> Engineer (Peacebuilder) Battalion, 55<sup>th</sup> Engineer Brigade, Philippine Army, ay gumawa ng quarantine area noong ika-18 ng Marso taong 2020 na nagsilbing pansamantalang tirahan ng Person Under Monitoring (PUM)/Person Under Investigation (PUI). Ito ay isinagawa upang maiwasan ang paghawa o pagkalat ng COVID-19.

Isa sa pinakamagandang bagay na nagawa ng ating kasundaluhan ay ang pag-abot ng tulong sa mga taong nangangailangan. Noong ika-08 at 09 ng Abril taong 2020, at ika-18 hanggang ika-26 ng Abril taong 2020, ang 553<sup>rd</sup> Engineer (Peacebuilder) Battalion, 55<sup>th</sup> Engineer Brigade, Philippine Army, ay nagsagawa

## SERBISYO NG MGA SUNDALO, SERBISYO PARA SAMBAYANANG PILIPINO

Noong ika-22 Mayo, 1897 sa panahon ng panunungkulan ni Heneral Emilio Aguinaldo bilang presidente ng Pilipinas ay natatag at nananatiling matatag sa loob ng isang daan at dalawanpu't tatlong taon and Hukbong Katihan. Ika-21 Disyembre 1935 nang pinirmahan ni dating Pangulong Manuel L. Quezon ang C.A. No. 1, o mas kilala bilang National Defense Act, na kung saan ito ay nagbigay daan sa pagkatatag ng bagong Hukbong Katihan ng Pilipinas.

Ang Hukbong Katihan ng Pilipinas ay sinubok na ng panahon. Kilala lto bilang isang matatag at maaasahang organisasyon na handang ipagtanggol ang ating bansa laban sa gustong dahas o mga manlulupig. Ang mga sundalo ay laging handa anumang oras at sitwasyon upang protektahan ang ating bansa at magbigay serbisyo sa sambayanang pilipino. Kahit saan mang dako ng bansa, handa silang pumunta upang maghatid ng tulong sa mga nangangailangan. Hindi lamang sa pakikipaglaban sa mga kaaway ng gobyerno o bansa sila bihasa. Sila rin ay tumutulong tuwing may mga sakuna o kalamidad na nangyayari sa ating bansa. Sa panahong ito, ang bawat sundalo ay hindi nag-aatubiling pumunta sa mga lugar na kailangan ang kanilang tulong.

Ngayong taong 2020, ang mundo ay humaharap sa isang matindi at malawakang pandemya. Ang COVID-19 ay kumalat na sa maraming bansa, kabilang na ang Pilipinas. Ang gobyerno ng Pilipinas ay ginagawa ang lahat upang mapigilan ang pagkalat ng virus. Lahat ng ahensya ng gobyerno ay ginagawa na rin ang kanilang parte para mapigilan ang pagkalat ng virus, kabilang na rito ang Hukbong Katihan ng Pilipinas.

Ang Hukbong Katihan ng Pilipinas ay tumutulong sa mga komunidad at ilan sa mga ito ay sa pamamagitan ng paglalagay ng mga sundalo sa mga tsekpoin sa mga pangunahing pasukan at labasan ng mga lokal na komunidad kasama ang mga kawani ng lokal na pamahalaan ng lugar at mga kapulisan. Tumutulong din ang mga sundalo sa pagrerepack ng mga donasyong pagkain galing sa mga pribadong sektor o kumpanya at ipinamamahagi sa mga pamilyang naapektuhan ng community



PHILIPPINE ARMY  
www.army.mil.ph

[ Akda ni 2LT ROBIN A GACIAS (INF) PA ]



ng Distribution of Units Relief Goods na may temang “Tulong Galing sa Inyong Sundalo, Mula sa aming Puso, Para sa Kababayang Pilipino”. Mahigit isang libong tao ang nahandugan ng tulong ng ating mga kasundaluhan, kabilang ang mga Internally Displaced People (IDPs) ng Barangay Moncado Kadingilan, Marawi City, (Temporary Shelter) Barangay Moncado Kadingilan, Marawi City, Barangay Mipaga, Marawi City, (Temporary Shelter) Barangay Bito Buadi Itowa, Marawi City, Barangay Malimono Dulay West, Barangay Bangon Marawi, Barangay Buadi Parba, Barangay Lumbac, Barangay Panggao Saduc, at Internally Displaced People (IDPs) ng Barangay Papandayan Caniogan, Marawi City.



Noong ika-08 at 09 ng Abril taong 2020, ang 553rd Engineer (Peacebuilder) Battalion, 55th Engineer Brigade, Philippine Army, ay namahagi rin ng mga Personal Protective Equipment (PPEs), katulad ng facemasks at isang sakong bigas sa mahigit kumulang isang daang katao o pamilya na hirap sa mga lugar ng Barangay Moncado Kadingilan, Marawi City.

Bilang pag-iwas sa pagkalat ng COVID-19, nagsagawa rin ang yunit na ito ng pag-disinpekta ng mga pamamahay ng mga mamayan ng siyudad

quarantine. Tinutulungan din nila ang mga istranded na mga taumbayan sa pamamagitan ng paghatid sa kanila sa kanilang mga lugar gamit ang mga sasakyan ng militar at pati na rin ang ibang mga frontliners na walang masakyan. Sila rin ay nagpapatrolya, kasama ang mga pulis at tanod, sa mga bara-barangay upang ipatupad ang mga ordinansa at batas para sa curfew upang hindi na lumabas ang mga tao sa kanilang mga tahanan para hindi na mahawa sa virus. Lagi rin nilang pinapaalalahanan ang mga tao at nagbibigay impormasyon patungkol sa COVID-19 at mga paalalang pangkalusugan gamit ang mga leaflets na isinasaboy mula sa kalangitan gamit ang helikopter at ang loudspeakers na ikinabit sa mga sasakyang militar at umiikot sa komunidad. Ang Hukbong Katihan ng Pilipinas ay nagrecruit din ng mga karagdagang sundalo na may kaalamang medikal at mga drayber upang may karagdagang pwersa para mapigilan o malabanan ang pagkalat pa ng nakakamatay na virus.

Kasama ng Hukbong Katihan ng Pilipinas ang iba't ibang mga sektor ng lipunan sa pagtulong sa mga tao. May mga kumpanyang nagbigay ng donasyon sa gaya ng mga gamit pangprotekta sa katawan laban sa virus. Mayroon ding nagbigay ng pagkain para sa mga tao sa komunidad at pati na rin sa mga sundalo at mga frontliners bilang suporta sa ginagawa nilang serbisyo para sa bayan.

Sa panahon ngayon at sa krisis na hinaharap ng ating bansa at mga kababayan, ang buong kasundaluhan ng Hukbong Katihan ng Pilipinas ay laging handang tumulong sa oras ng pangangailangan, mapa-kalamidad man o digmaan. Sila ay handang mag-alay ng buhay at oras alang-alang sa kaligtasan at proteksyon ng mga Pilipino at seguridad ng bansa. Yan ang kanilang sinumpaang tungkulin na kanilang isinasakatuparan para sa bayan. Hanggat nariyan ang mga sundalo at ang Hukbong Katihan ng Pilipinas, tayo ay laging may maasahan, sa kapayaan man, sakuna o sa digmaan. Iyan Ang Hukbong Katihan ng Pilipinas, nakalaang sundalo para sa Pilipino.

ng Marawi noong ika-08 at 09 ng Abril taong 2020. Nagpapaalala rin ang ating mga kasundaluhan sa pamayanan na panatilihin ang kalinisan ng pamamahay at ng katawan nang sa ganun ay maiwasan ang pagdapo ng sakit. Ganun din ang pagpapaalala sa kanila na manatili sa kani-kanilang pamamahay.

Nakikipag tulongan din ang 553rd Engineer (Peacebuilder) Battalion, 55th Engineer Brigade, Philippine Army, sa mga ahensya ng gobyerno at iba pang sector na magbigay ng tulong sa ating mga kababayan sa siyudad ng Marawi. Noong ika-22 ng Abril taong 2020, nakiisa ang yunit na ito sa LGU Marawi sa pamamagitan ng pagbigay ng seguridad sa pamamahagi ng relief goods sa mga delikadong lugar ng Marawi kabilang na ang Barangay Cadayunan and Barangay Biaba-damag, Marawi City.

Bilang pagtugon sa seguridad at kaligtasan sa mga mamayan ng lungsod ng Marawi, ang 553rd Engineer (Peacebuilder) Battalion, 55th Engineer Brigade, Philippine Army, ay patuloy na nagsasagawa ng Mobile Checkpoint at Road Security Assistance sa iba't-ibang bayan ng siyudad ng Marawi. Layunin nito na panatilihin ang kaayusan sa lugar at masigurado ang kaligtasan ng bawat mamamayan na pumapasok-labas ng siyudad. Mahigpit ding ipinapatupad ng ating kasundaluhan ang mga protocol o mga alituntunin sa ilalim ng Enhanced Community Quarantine (ECQ) na dapat sundin upang maiwasan nag pagdapo at pagkalat ng Covid-19.

Malaking bahagi ang nagagampanan ng ating mga kasundaluhan sa problemang kinakaharap ngayon ng ating mundo. Ang pagbigay aksyon para sa pangangailangan ng ating mga kababayan ay nagbuo at nagpapanatili ng tiwala ng mga tao sa organisasyon.



Asahan na ang 553rd Engineer (Peacebuilder) Battalion, 55th Engineer Brigade, Philippine Army, ay patuloy na magiging kaagapay ng mga mamamayan ng siyudad ng Marawi at karatig-lugar nito. Patuloy rin itong makikipag-ugnayan sa mga ahensyang local at non-local na layunin din ang magbigay tulong sa mga Pilipino na apektado ngayon ng pandemya.

Simula ika-14 ng Mayo taong 2020 hanggang sa kasalukuyan, patuloy na nagbibigay ng Transportation Assistance ang 553rd Engineer (Peacebuilder) Battalion, 55th Engineer Brigade, Philippine Army, sa Department and Trade of Industries (DTI) Region 10 sa pagahahakot ng 8,600 sets ng grocery kits, galing sa SODA Enterprises, Sta. Felomina, Iligan City patungong Old NFA Warehouse, Barangay Luksadatu, Marawi City. Isa-isang binubuhat ng mga sundalo ang hunigit-kumulang limampung kilong plastic box na may lamang grocery packs. Hinahatid ang mga ito lulan ng mga Mission Essential Engineer Equipment (MEEE) ng 553rd Engineer (Peacebuilder) Battalion, upang maipamahagi sa mga mamamayan ng Marawi. Hindi hadlang ang ulan at init ng araw upang tumigil sa pagtulong ang ating kasundaluhan sa mga nangangailangan.



# COVID-19: PAYAPANG SAGUPAAN

Sigawan, barilan, pagsabog, at duguan ay iilan lamang sa mga tagpo na masasaksihan tuwing digmaan. Subalit nang sumiklab ang COVID-19, hindi pangkaraniwang digmaan at krisis na hinaharap ng bansa. Naghatid ito ng banta sa kalusugan ng publiko at ang pakikipag-away sa naturang kalaban ay hindi magagamitan ng armas at hindi madadaan sa anumang pakikipaglabang pisikal. Sa kabilang dako, matapos bulagtain ng pandemya ang taong 2020, nagresulta ito sa pangkalahatang krisis sa kalusugan ng publiko. Ang pandemyang ito ay kilala sa tawag na COVID-19, isang nakahahawa at nakamamatay na sakit dulot ng panibagong uri ng Coronavirus na unang napabalita sa Wuhan, China. Idineklara ng World Health Organization (WHO) bilang pandemya ang sakit na ito matapos kumalat ang naturang virus sa malaking bahagi ng daigdig, kasama na ang bansang Pilipinas.

Ang unang kaso ng COVID-19 na naitala ng Department of Health ay isang Chinese national. Gayunman, nang maiulat ang pinakaunang “local transmission” sa bansa ay agarang ipinahayag ni Pangulong Rodrigo Duterte ang “State of Public Health Emergency” at inutos ang “General Community Quarantine” upang sikilin ang madali at biglaang paglaganap ng COVID-19.

Ang Department of Health (DOH) ay tinalaga bilang frontliners kung saan kinatuwang nito ang Hukbong Sandatahan ng Pilipinas, Philippine National Police (PNP), Bureau of Fire Protection (BFP), at Department of Public Works and Highways (DPWH). Sila ay gumanap ng mapanganib subalit kritikal na papel sa pagsugpo ng hindi nakikitang kalaban. Ito ay panibagong hamon para sa unipormadong hanay dahil ang ganitong uri ng pagkikipagbakkakan ay hindi naaayon sa kinagawian. Higit pa rito, ang bawat isa ay lumusob sa digmaan na ang tanging sandata ay kalusugan at matibay na pangangatawan. Hindi rin maaaring itaas at malayang iwagayway ang puting bandera kung tuluyang ng susuko sa laban. Ang tanging pananggalang ay lakas ng loob at buong-pusong paniniwala sa Poong Maykapal.

Sa larangan ng ‘di pangkaraniwang hamon gaya ng sinumpaang tungkulin walang pag-alinlangang tinanggap na ilatag ang sarili at serbisyo sa pagsubok na hatid ay peligro sa kalusugan. Tiniis na hindi makamtan ang yakap ng kaghinaan sa piling ng pamilya upang mapunan ang responsibilidad. Ipinamalas rin ng Hukbo ang kanilang taos-pusong dedikasyon, pinairal ang birtud, isinulong ang pagkamatiyagain, nagpunla ng sipag at tiyaga, tiniis ang init ng panahon at higit sa lahat, pinalawak ang pag-iisip at inunat ang umiigting na pasensiya. Kahit binatikos man sila ng mga kritiko, ipinakita pa rin nila na mali ang lahat na pamumuna ng mga manunuri.

Itinakda sila bilang tagapamahala ng mga hangganan at inatasang kontrolin ang bawat dulo, pati na rin ang galaw ng mga tao. Pinaigting din nila ang

seguridad ng kanilang kinasasakupan. Ginugol ang walong oras sa katungkulan at ininda ang puyat at pagod. Magalang na binabati at nginitian nang wagas ang mga pabalik-balik na mga manlalakbay. Binusisi nang maigi ang mga bitbit na dokumento na nagpapatunay ng kanilang pagkakakilanlan upang hadlangan ang patuloy ng pagdami ng kaso sa bansa. Sa likod ng puyat at pagod hindi nila ipinahalatang sila ay pinanghihinaan ng loob; bagkus ipinakita nila ang kasiyahan, kawilihan, at pagmamahal sa kung ano man ang kanilang ginagawa. Nagtayo ng matibay na relasyon sa kapwa frontliners at maging sa araw-araw na mga manlalakbay sa pamamagitan ng pagtatag ng mabuting pag-uusap at bukas palad na pagbati.

Sa kabliang dako, naging instrumento rin ang mga kawal ng bayan sa pagbibigay pwersa sa mga distrito na naglunsad ng pamimigay ng libreng pakain. Naging pansamantalang punong kusinero at tagapaghatid ng balot ng pagkain sa bawat kabahayan. Nakapagpalambot ng puso ang walang katumbas na mga ngiti sa pamilyang inaabutan ng balot. Nakatutunaw ng pagod ang walang-humpay na usal ng pasasalamat habang ibinibigay ang naturang ayuda. Walang alinlangang pinupuri at taas-noong pagpupugay ang ginawad ng mga mamamayan dahil sa kadakilaan.

Bilang karagdagan, naging balangkas din sila sa paghakot ng Personal Protective Equipment (PPE) at relief goods patungo sa safehouse. Kasama rin sila sa pagbalot ng mga relief goods at kaagapay sa pamamahagi sa mga benepisyaryo ng kanayunan, sampu ang mga sibilyang kusang naglingkod.

Iilan lamang ito sa mga gawain na nagpaantig sa puso ng sambayanang Pilipino na kanilang pinaglingkuran. Sa likod ng pagsulong sa labanang hindi man marahas ngunit kaakibat nito ay peligro sa kalusugan, sila ay nagbigay pag-asa sa mga nangulila gamit ang kapangyarihan ng pakikipanayam. Ang bawat isa ay nagsilbing inspirasyon ng pagiging matatag sa likod ng krisis at banta ni kamatayan na siyang kinakaharap ng Inang Bayan.

Payapang digmaan kung ito’y tawagin. Tiwala, pag-asa, at lakas ng loob ang tanging armas sa ganitong labanan. Walang binatbat ang armas na bitbit dahil ang tunay na sandata ay patuloy na pinag-aaralan pa lamang. Ang lunas sa sakit na ito na pinagtitiyagaang pag-aralan ng siyentista at dalubhasa ang siyang nagiisang sandata na matagumpay na sugpuin ang katunggaling elemento.

[ Akda ni SGT ERNALYN R ELURIAGA PA (RES),  
604 (ILO) RRIBn, 604 CDC, 6RCDG ]



# SUNDALO PARA SA PILIPINAS: KAAGAPAY SA GITNA NG COVID-19 PANDEMIC

[ Akda ni MAJ NAOME Y VASQUEZ (INF) PA ]



**Matapang, Dakila.** Sila ang ating mga “Laang Kawal” ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas. Ito ay ilan lamang sa mga salitang ating nahahalintulad sa mga sundalo. Ngunit kaakibat din nito ay mga salitang mahirap, at mapanganib. Mahirap sapagkat naglilingkod sa mamayanan at sa bayan na walang pasubali dahil sila ay hindi tumatanggap ng anumang sahod sa ating Gobyerno. Mapanganib sapagkat sila ang Sandatahang Lakas ng Pilipinas. Tungkulin nilang ipagtaggol ang ating Inang bayan laban sa mga kaaway sa panahon ng digmaang rebelyon, ipaglaban ang demokrasya, at isulong ang karapatang pantao. Maging sa digmaan man o pagtugon sa mga sakuna at kalamidad, maging sa krisis sa kahirapan ng bansa, anumang oras at pagkatataon.

Laang Kawal (Reservist) - Sino nga ba sila? Sila ay mga unipormadong “mamamayan” na tuwing Sabado o Linggo sa bawat buwan ay nagiging kaanib ng militar. Kadalasan, ang mga Reservist ay kusang nagboluntaryo sa pag-aambag ng kani-kaniyang talino, kakayahan, at pinag-aralan upang makapagdulot ng kabutihan sa larangan ng civic action. Ito ay mga uri ng pakikipagdamayan sa sambayanan sa lipunang ginagalawan saan man sa bansa sa anumang uri ng sitwasyon.

Mahigit kumulang dalawang buwan na ang nakalilipas, nang biglang nagbago ang takbo ng mundo. Biglang nag-iba ang pamumuhay ng bawat isa. Marami ang mga nawalan ng hanap-buhay. Naging tahimik ang paligid at nagkakalayo tayo ng isang metro bawat-isa. Marami na ang nagkakasakit at ang iba naman ay binawian ng buhay. Ito ang pinsalang dinala ng COVID-19.

Sa gitna ng ating pakikipagsapalaran sa labang ito, nasubok ang tibay at pagkakaisa ng bawat Pilipino, maging simpleng mamamayan, sundalo o reservist mula sa lahat ng katayuan sa buhay. Lahat tayo ay nakikipaglaban sa ibat-ibang paraan. Ngunit may mga taong nangunguna dito – sila ang mga frontliners. Dito mas nasubok ulit ang kanilang tapang, lakas, at ang kanilang pangako sa bansang Pilipinas. Pangakong kailanma’y hinding-hindi nila tinatalikuran. Kagaya ng naunang nabanggit, tungkulin din nilang tumugon sa mga sakuna, kalamidad, at mga krisis na kinakaharap ng bansa.

Kabilang dito ang COVID-19. Ang giyera ng kinakaharap ng mga sundalo ngayon ay hindi madali dahil hindi nakikita ang kalaban.



Kakaiba ito sa kanilang mga nakasanayang giyera at digmaan sapagkat hindi isang tao ang kanilang kalaban kung hindi isang virus na hindi nakikita o nahahawakan. Isang virus na hanggang sa kasalukuyan ay wala pa ring bakuna o lunas. Isang virus na hindi pa rin halos matukoy ang pinagmulan. Ito rin ay giyera na kong saan hindi lamang armas at bala ang kanilang dala kundi Personal Protective Equipment (PPE), thermal scanner, facemask, face shield, at iba pa.

Nang nagsimula ang pananalasa ng COVID-19, sinimulan din ng ating mga magigiting na reservist at sundalo ang kanilang mga hakbang ukol dito. Bilang pagtugon dito, ang mga reservist ay nagsisilbi bilang isa sa ating mga border frontliners. Sila ay nagbabantay sa mga pasukan at labasan ng bawat pook at kalye. Tinitiyak nila na ang bawat taong papasok at lalabas sa isang lugar ay ligtas upang hindi na makahawa pa ng iba. Isa rin sila sa mga humahawak ng thermal scanner bilang sandata upang matukoy na nasa ligtas na temperatura at kalagayan ang bawat isa, at profiling upang matukoy ang pinanggalingan ng bawat pumapasok. Sila rin ay nagbibigay ng mga disinfectant sa mga taong naglalakad o nasa mga sasakyan. Bukod pa rito, nakikiisa rin ang mga reservist at ilan sa ating mga sundalo sa mga pribadong sector ng lungsod sa pamamahagi ng mga relief goods sa mga pamilyang naapektuhan at nangangailangan nito.

Sa kabila ng pandemyang ito, patuloy pa rin ang pag-atake ng mga rebelde. Nanganganib pa rin ang buhay ng mga ordinaryong mamayanan, lalo na ang mga sundalo hindi lamang dahil sa virus na ito kundi para na rin sa banta ng mga rebelde. Mula ng ipinatupad and ECQ dito sa ating bansa may ilang naitalang pag-atake ng mga rebelde na nagresulta sa pagbubuqis ng buhay ng ilan sa ating mga sundalo.

Isa rin sa mga aksyon ng ating mga sundalo sa panahong ito ay pagbibigay ng sapat na kaalaman at impormasyon tungkol sa mga dapat at di-dapat gawin ngayong may COVID-19. Gumagawa ng mga sapat na pagpupulong ang mga CDRRMO at ang mga Incident Management Team (IMT) para sa mga frontliners.

Sila rin ay nakikipag-ugnayan sa Department of Health (DOH) at sa Inter Agency Task Force (IATF) upang bigyan ng masinsinang pagbabantay ang mga bagong kaganapan na may kaugnayan sa COVID-19.

Ang ating mga sundalo at mga reservists ay talagang maasahan sa lahat ng pagkakataon sa pagsagip ng bayan at pagsasagawa ng kanilang mga sinumpaang tungkulin. Hindi lang sa panahon ng giyera kundi pati na rin sa Brigada Eskwela, kalamidad, at itong krisis na dulot ng COVID-19. Buhay ay kanilang itinaya upang matugunan ang kanilang “Call of Duty” o tawag ng tungkulin at kanilang isinakripisyo ang panahon at oras na sana ay kapiling ang kani-kanilang pamilya upang matulungan at maproteksyonan ang taong bayan. Sila ay kaagapay na handang tumulong ng buong puso anumang oras at panahon.

Sa panahong ito, naipakita ng bawat isa na tayong lahat ay may kakayahang labanan ang COVID-19 at tumulong sa kahit sa anong paraan. Naipamalas din ng ating mga magigiting na sundalo na hindi lamang sa pakikidigma sila magaling ngunit sa mga ganitong pagkakataon din, lahat ay magiging bahagi ng lamang ng ating kasaysayan. Ngunit ang kanilang kabayanihan ay mananatili paring nakaukit sa Bayan. Patuloy pa rin ang kanilang pakikipagsapalaran para sa sambayanang Pilipino. Dahil ito ang kanilang buong-pusong trabaho na sinumpaang. Ito ay kanilang pinaninindigan at pinangako sa Inang Bayan.






# SAGISAG NG KALASAG

[ Akda ng 7<sup>th</sup> Infantry Division ]

*Wala nang mas tatapang pa sa isang sundalong handa kang protektahan laban sa isang kaaway na hindi naririnig ng tenga at hindi nakikita ng mata.*



Nagsimula sa isang Juan, naging sampu, naging sanlibo. Ganyan kabilis ang bilang ng mga biktima ng kalaban mula ng mapadpad ito sa Pilipinas. Mahirap malaman kung isa ka na pala sa biktima dahil hindi mo naman ito nakikita, araw ang lilipas bago mo maramdaman ang bagsik nito at isang pagsusuri ang kailangan bago mo ito makumpirma. Sa madaling salita, isa itong mahabang “*proseso*” ng pakikipaglaban. Proseso na siyang daan upang malaman kung ikaw ay isa nang biktima ng katakut-takot na sakit –ang COVID-19.

Hindi nagtagal, idineklara and naturang sakit bilang pandemiya at ang Pilipinas ay isinailalim sa malawakang quarantine. Ang buong teritoryo ay nangangailangan ng kontrol upang mapigilan pa ang higit na pagkalat ng virus. Nariyan ang mga magigiting na mga frontliners sa hanay ng pambansang gobyerno upang magplano at siguraduhin ang kaligtasan ng nakararami. Sa hanay ng lokal ng gobyerno, ang pamamahagi ng mga pagkain at proteksyon sa mga nasasakupan nito. Sa hanay ng medisina, ang paggamot at pagbigay lunas sa mga biktima. Bilang tagapagtanggol ng seguridad at kapayapaan, nariyan ang kalasag ng mga magigiting na sundalo upang magbigay ng pundasyon para sa mamamayan.

Ang pagiging pundasyon ay nangangailangan ng tatlong mahahalagang bagay. Una ay ang *Lakas* para sa pagkontrol, pamamahagi, at disiplina. Ikalawa ay ang *Puso*, para sa simpatya ng mga nakararami. Ikatlo ay *Tapang* para sa proteksyon sa seguridad. Nagiging matibay ang pundasyon sa pamamagitan ng tatlong bagay na ito. Kinakailangan din ng ibang kalidad tungo sa tagumpay tulad ng balanse, isip, at determinasyon. Iyan ang sangkap ng mga kasundaluhan upang harapin ang pandemya na kasalukuyang nagaganap sa bayan ni Juan.

Ginagamit nila ito upang magbigay ng tulong at maipatupad ang mga plano ng ating gobyerno. Katulad ng ibang frontliners, ang kanilang kaligtasan ay nalalagay rin sa panganib dahil mas mataas ang tsansa nilang dapuan ng sakit, kumpara sa mga taong kanilang pinoprotektahan na kadalasan ay nasa loob ng bahay lamang. Mula Luzon, Visayas, hanggang Mindanao, ang pwersa ng kasundaluhan ay handang magserbisyo sa ngalan ng sinumpaang tungkulin para sa Pilipino at para sa bayan.

**SAGISAG NG LAKAS** – tumutulong ang Hukbo upang maghatid ng mga pagkain at mga pangangailangan para sa mga higit na nangangailangang pamilya na nakatira sa mga malalayong probinsya at lungsod na hindi makapagtrabaho sa gitna ng krisis. Tumutulong din ang kasundaluhan upang mamahagi ng mga “Personal Protective Equipment” sa mga ospital na salat sa kagamitan at may patuloy na dumaraming mga pasyente gawa ng pagkalat ng sakit. Patuloy rin ang kanilang pagbabantay sa mga checkpoint sa iba’t-ibang lugar upang makontrol ang pagpasok at paglabas ng mga tao at mapanatili ang disiplina.

Bilang isang pundasyon, siniguro ng Hukbo na ang mga plano ng gobyerno na mapababa ang pagdami ng mga biktima ng sakit ay naisasakatuparan. Kaya’t mula sa mga pamilyang nasa malalayong mga lugar, mga ospital na kulang sa kagamitan at mga daan at lugar na kinakailangang bantayan, tumutulong at nagbigay ng *sagisag ng lakas ang mga kasundaluhan*.



Bilang suporta, hindi nagdalawang-isip ang Hukbo na pairalin ang simpatya sa kalagayan ng nakararami. Nakatulong na sa mga ospital, at mga biktimang may mga sakit, pati na rin sa mga masisipag na magsasakang apektado ang hanap-buhay, nakatutulong pa sa mga pamilyang nangangailangan ng masusustansyang pagkain. Simbulo ito ng *sagisag ng puso ng mga kasundaluhan* na hindi lang kinakailangan ng lakas para maging tunay at totoo.

**SAGISAG NG TAPANG** –nasubok ang tapang ng kasundaluhan matapos makaingkwentro ang mga NPA sa probinsya ng Aurora habang nagpapatrolya upang mapanatili ang siguridad ng mga mamamahagi ng ayuda ng gobyerno sa mga apektadong pamilya. Sa kasamaang palad, dalawa ang nasawi at tatlo ang sugatan sa hanay ng kasundaluhan.

Tiyak na handang lumaban ang mga kasundaluhan upang maisakatuparan ang kanilang sinumpaang tungkulin para sa bayan upang “bigyan ng serbisyo ang mga tao, panatilihing ligtas ang teritoryo”. Hanggang sa pagdanak ng dugo ng dalawang magiting na sundalo, nanaig ang *sagisag ng kanilang tapang* upang magbigay ng suporta at proteksyon sa gitna ng kinakaharap na krisis. Hindi nila ininda ang katotohanang buhay ang maaring ang kapalit ng kanilang serbisyo. Hindi sila nagdalawang isip na bumunot ng armas at maging kalasag para sa kaligtasan ng nakararami.

**SAGISAG NG KALASAG** –sa gitna ng krisis na kinakaharap ngayon Pilipinas, pinakita ng kasundaluhan ang sagisag ng lakas, puso at tapang na higit na kailangan upang magsilbing suporta at pundasyon. Ibinigay nila ang kanilang lakas, itinaas nila ang kanilang puso at iwinagayway nila ang kanilang tapang. Mula sa tagaktak ng kanilang pawis, hanggang sa pagdanak ng dugo sa gitna ng digmaan, tunay silang naging kaagapay ng bawat Juan mula noon, lalo na ngayon kung kailan sila higit na kailangan.

Bagamat nakatatanggap ng kritisismo sa ibang madla, patuloy pa ring susunod at maninindigan ang kasundaluhan para sa tama at para sa kaligtasan ng lahat. Kahit minsan ay bente-kwatro oras na gising dahil sa pagbabantay, sumakit man ang likod at kasu-kasuan dahil sa magdamag na pagtayo sa mga checkpoint, malipasan man ng gutom sa pagbabalat ng ayuda at makalimutan ang salitang pahinga matapos ang buong araw na pagpatrolya, gagawa at gagawa ng paraan ang isang sundalo para matapos kung ano ang kanyang sinimulan.

Isa sa nagsilbing proteksyon ni Juan ang kalasag ng Hukbong Katihan mula nang mabalot ang Pilipinas sa lagim na dala ng isang sakit na kumitil at patuloy na nagpapahirap ng libu-libong buhay. Nasubok hindi lamang ang katatagan kundi maging ang determinasyon ng mga kasundaluhan upang harapin ang problemang hindi naririnig ng tenga at hindi nakikita ng mata.



*Dahil ang kalasag ng Hukbo ay hindi matitibag ng sakit, dahil lilok ito sa lakas, puso, at tapang.*



# SALUDO PARA SA SUNDALO

[ Akda ni MAJ REYNALYN O ANYAYAHAN (RES) PA ]

Sa lupang hinirang, duyan ang magigiting na mga sundalo na kakikitaan ng tapang, lakas, at di matatawarang kakayahan upang suungin ang anumang sakunang kinakaharap ng bansa. Hindi sila nagpapatinag sa dilim; sa halip ay nagsisilbing mga bituin at hindi rin alintana ang kapahamakan; bagkus, mas inspiradong matamasa ang pagwawagi at hindi nawawalan ng pag-asa na sisikat din ang araw na may hatid na liwanag, katumbas ang tagumpay.

## BAYANG MAGILIW

Pilipinas na pinatatag, pinagtibay at pinalakas ng panahon at mga sitwasyon. Gaano man karaming suliranin ang kinahaharap ng bansa ay patuloy na umaahon at bumabangon para sa mas ikauunlad at ikabubuti ng mga Pilipino. Ang Pilipinas na may perlas na kailanma'y hindi mahihigitan ng anumang bagay sa mundo; ang ngiti ng mamamayang Pilipino sa kabila ng anumang kalamidad at sakuna, ang pagkakapit-bisig para sama-samang lumaban at ang lahat ng pagsasakripisyo. Kulang ang salapi upang matumbasan ang yaman na mayroon ang bansang ito.

Isang arkipelagong magkakahiwalay na isla pero pinagsasama-sama ng pusong may pagkakaisa. Ito ang Pilipinas, ang bayang magiliw, na kahit maraming sakuna, problema, o anupamang pagsubok na nakaamba, mananatiling magiliw sa mga Pilipino, pati sa mga isinilang para maging sundalo.

## ALAB NG PUSO, SA DIBDIB MO'Y BUHAY

Sa pagdating ng isang malaking hamon sa ating bayang sinisinta—ang pandemyang sa ngayon ay nananakop sa sangkatauhan na s'yang puntirya ay ang ating buhay at kalusugan, ang mga Pilipinong sundalo ay naging kaisa ng mga bayaning lumalaban sa unahan ng linya. Sa kabila ng pangamba na baka sila ay mahawa, sa likod ng pagod na kanilang tinatamasa, sa bawat araw ng pagtitis na di makasama ang kanilang mahal sa buhay at pamilya, nangingibabaw ang puso ng ating mga sundalong lumalagablab ang pagnanais na umagapay sa mga Pilipino. Nariyan silang nagpupuyat sa pagbabantay sa mga checkpoint sa iba't ibang lugar, at nag-aabang sa mga pasaherong pumapasok sa mga pantalan at paliparan, kahit na ang kapalit nito ay ang sarili nilang kaligtasan. Nariyan silang naghahatid ng pagkain o ayuda sa mga nangangailangan, at lumilibot sa bawat barangay at bayan, masiguro lamang ang katiwasaya't kaligtasan. Nariyan silang nagpapanatili na masunod ang bawat patakaran upang matiyak lamang ang pagkakaroon ng disiplina at kaayusan sapagkat sa panahon ngayo'y ang mga ito ang pinakakailangan. Sila ang ating mga sundalo, na basta't para sa Pilipino ay iaalay ang kanilang sariling buhay at kalusugan para sa mamamayan. Hindi mo masasabing ginagawa nila ang lahat ng ito dahil lamang sa kanilang mandato; bagkus ay sadyang likas na nag-aalab sa kanilang mga puso ang umaapoy na dugo ng isang bayaning Pilipino.





### Sa manlulupig, 'di ka pasisiil

Kung ang karamihan ay nagtatalukbo at nagsisipagtago sa kani-kanilang mga tahanan para sa kaligtasan ng sarili at ng iba, ang mga sundalong Pilipino ang siyang kabilang sa nasa unahan ng digmaan, hindi nagpapatinag sa di-nakikitang kalaban. Tila ang ating mga kasundaluhan ay sumasabak sa isang giyerang kung saan wala silang panlaban kundi mga panalangin, walang armas kundi alkohol, face shield, mask, at sanitizer, walang panangga kundi ang lakas ng kanilang resistensya, at walang kasiguraduhan kung kailan magtatapos ang bala ng pandemya. Naroon man ang kanilang takot na baka sa kinabukasan ay isa na rin sila sa nagdadala ng virus na kinatatakutan, walang makapipigil sa kanilang hangarin na paglingkuran ang mga mamamayan. Kagaya ng mga unang digmaan na atin nang napagtagumpayan dahil may mga sundalong hindi nagpagapi at sumuko sa laban, ang pandemyang ito ay atin ding malalampasan hanggang sa makamit na muli natin ang kalayaan. Ang kalayaan na muling makalabas ng tahanan na wala ng pangamba, kalayaang mabuhay nang walang sakit na iniinda—ang pagiging “malaya” ay muli nating matatamasa sa tulong ng mga bayaning nagsasakripisyo at kailanma’y hindi magpapatalo. Ika nga ng ating mga sundalo, “COVID-19 lang yan, Philippine Army kami”. Walang kahit anong pandemya ang makalulupig sa ating mga bayaning sundalo na buo ang prinsipyong magbigay-serbisyo, at ang magpasiil ay wala sa kanilang bokabularyo.

### Aming ligaya na 'pag may mang-aapi, ang mamatay nang dahil sayo

Sinong handang harapin at sugpuin ang kalabang hindi nakikita? Pilipino. Sino ang sa puso’y magiging masaya kapag namatay sa ngalan ng bansa? Pilipino. Marahil ay imposible pero nangyayari. Kaya kahit naroon na ang panganib, mas higit parin ang tapang. May kirot man sa puso sa pansamantalang pagkahiwalay sa pamilya, mas lamang pa rin ang galak na makapagbigay-serbisyo sa buong bansa. Pang-aasar kung sasabihing maligaya pang apihin, pero katotohanang wala talagang susuko at masayang lalaban, dahil kung may pinagdadaan may patutunguhan. Kaya nga nagkaroon ng tao sa harapan ng guhit kontra COVID, sila na nagsisilbing kalasag ng mga mamamayang Pilipino. Isa ang mga sundalong hindi talaga matatawaran ang serbisyong iniaalay para sa bansa. Mula sa kanilang pagbantay, pananaway sa mga pasaway, pamimigay, hanggang sa mamatay, naroon ang ligaya nila para sa bayan, ang nag aalab na apoy sa kanilang mga puso, ang kanilang hindi pasisiil ‘ni pagsuko, isang totoong bayani na karapat-dapat para sa saludo.



### SGT. PAGBABAGO.

Magandang araw! Si Sergeant Pagbabago po ulit ito, ang inyong makakasama rito sa JUANARMY. Meron ba kayong mga istoryang nais ibahagi na may kinalaman sa positibong pagbabago ng Philippine Army? Pati na rin mga komento, saloobin, at suhestiyon sa lathalaing ito? Ipadala lamang po sa [facebook.com/atr2028](https://facebook.com/atr2028) [twitter.com/ATR\\_2028](https://twitter.com/ATR_2028) Maraming salamat!

## CALL FOR ARTICLES

Nais mo bang ihayag ang pagbabago na hatid ng Army Transformation Roadmap sa iyo?

Inaanyayahan ang lahat na magsumite ng mga artikulo para sa susunod na isyu ng JUANARMY.

Ipadala lamang ito sa [atr.publication@gmail.com!](mailto:atr.publication@gmail.com)